APRIL 2011

FILIPINO MAGAZINE

PO NATIN !

# PAG-USAPAN

ISSUE 33

مجلة لنتحاور ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد الثالث والثلاثون



## KONSENSIYA

IPINAMIMIGAY NG LIBRE

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... للتعارف
24756196-24712574

APRIL .indd 1 4/21/11 10:52:02 AM

معهد كامز للتدريب الأهلي
CENTRE FOR COMPUTER & MANAGEMENT STUDIES

# LIBRENG PAG-AARAL NG ARABIK PARA SA MGA PILIPINO

(With Certificate)

جمعية النجاة الخيرية




## ARABIC CLASS 2011 – 2012 SCHEDULE OF CLASSES & REGISTRATION

| BATCH | REGISTRATION PERIOD | DURATION OF CLASSES |
|---|---|---|
| 1st Batch | January 1 - 31, 2011 | February - May 2011 |
| 2nd Batch | April 1 - 31, 2011 | May - August 2011 |
| 3rd Batch | September 1 - 30, 2011 | October 2011 - January 2012 |

Mag-aral Bumasa at Sumulat ng Arabik sa Loob Lamang ng Apat na Buwan

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ••• لنتعارف

APRIL .indd 2 4/21/11 10:52:04 AM

# ICSA INTERNATIONAL INSTITUTE OF COMPUTER SCIENCE & ADMINISTRATION

Ang Unang Filipinong Akademiya ng Computer Sa Kuwait

## Be a Professional CAD Operator

Just in 3 Months

100% Job Oriented Course

## LEARN AutoCAD 2D & 3D






AutoCAD is one of the first Computer Aided Design programs used in architecture, construction and manufacturing to assist in the preparation of engineering and architectural plans. It is built to help people design buildings or public spaces, without having to draw up plans by hand. The most common specialization drawings in autocad are mechanical drafting, architectural drafting, civil drafting, electrical drafting, electronics drafting .

**The Most In demand Course In Kuwait.**

ICSA

22467301
99302850

Kuwait City , Maliya
Behind KFC
Panasonic Tower
8th Floor
www.icsa.us

KPCC Sentrong Pangkultura

facebook

facebook.com/kpccenter





Makinig Araw-araw, 1:00 - 3:00 P.M.
Tagalog Program ng Radio Kuwait
FM 93.3 khz . AM 963 khz.





# MAGANDANG BALITA!!!

Para Sa Lahat Ng Pinoy Sa Kuwait

Now you can earn

## Bachelor & Master's Degree

Online from CHED accredited University in Philippines while living abroad

Bachelor of Science in Business Administration
- Major in Marketing
- Major in Management

A great opportunity for undergraduates with Flexible Schedule and No regular Class is required.

Enroll Business Administration Courses at ICSA Thru
WISDOM INTERNATIONAL SCHOOL FOR HIGHER EDUCATION STUDIES
www.wisdom.edu.ph

WISHES

Kuwait City, Maliya
Behind KFC, Panasonic Tower, 8th Floor
ICSA - E-mail: info@icsa.us www.icsa.us
22467301 99302850


APRIL .indd Sec1:1 4/21/11 10:52:06 AM

3 BULONG NG KONSENSIYA
وسواسة الندم

4 LALAKI AKO, BABAE KA
أنا رجل وأنتِ إمرأة

5 ANG BUHAY SA KALYE
الحياة على الشارع

6 MAKI-ALAM! KUWAIT: Amnesty o Amnesti-is Muna
العفو أو البقاء في الكويت

9 MAGTAWANAN TAYO
طرائف تجالوج

10 GRADUATION - MEN SECTION
حفل تخريج – قسم الرجال

11 ISYUNG PANGKALUSUGAN: Mag-inhawang Pagtulog sa Gabi Part 3
النوم السعيد في الليل

12 PINOY RECIPE
تعليم الطبخ – الفلبيني

13 SARI-SARING KAALAMAN: Taposin Ang Kolehiyo Habang nasa Kuwait
معلومات متنوعة

14 MINDANAO TUKLASIN NATIN: Mga Likas na Yaman ng Mindanao
الثروات الطبيعية في ميندناو

15 BAHAGI NA NG PALABAS
من ضمن المناظر الطبيعية

16 TANONG AT SAGOT: Zakah, Sadaqah Mula sa Salaping Haram
سؤال وجواب


17 PAG-ARALAN ANG ARABIK Lesson 21
تعليم اللغة العربية

18 BASA A MORO
لغة مورو

20 BISAYA: Ang Dakbayan sa Pagadian
لغة بيسايا

21 MAHALAGANG MGA NUMERO SA TELEPONO
ارقام هاتفية مهمه

21 ANONG MERON SA BUWAN NG ABRIL
المناسبات في ابريل


*Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng mainam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.*

*Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.*

*Para sa mga komento at mga katanungan, magpadala ng e-mail sa:*

pagusapan@gmail.com


FILIPINO MAGAZINE PO NATIN! PAG-USAPAN

Chief Patron
Mohammad Ismail Al-Ansari
Editor
Ullessis F. Abaya
Columnists:
Joselito Tabing
Joshua Barbas
Abdul Qadir Laja
Issa Mohammad Tragua
Ust. Abubaidah Salud Satol
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Wahibie Tamama
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Mailyn Rodriguez
Usta. Pahima Guiabal
Usta. Halima Mantawil


Review and Approval Committee
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Bro. Muhammad F. Sumaway
Bro. Ahmad Yusuf Abaya
Usta. Halima Mantawil

Designer
Nader Bellal
PUBLISHED BY
KPC Center
Farwaniya, Block 1
Street 74 corner Street 72
Building 12
Phone 24712574, 24756796
Fax (965) 24712574 (102)
Hotline: 97802777
www.kpccenter.com
www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea
General Director
Ust. Marouf Baraguir Ali
Head, Men Section
Usta. Halima Mantawil
Head, Women Section

مؤسسة زخرف للدعاية والإعلان
Zukhruf Advertising Agency

# BULONG NG KONSENSIYA



*May mga bagay na madaling pagpapasyahan. Ngunit dahil sa bilis ng daloy ng buhay at nagtutunggaling impluwensiya ng kapaligiran, lubhang nakalilito ang pagpili sa tamang aksiyon. Sa ganitong kalagayan, ano ang batayan ng iyong aksiyon? Paano mo malalaman na ang pinili mo ay tama at iniwasan mo ang mali? Ang konsensiya ay ang batayan ng kaisipan sa paghuhusga ng tama o mali. Ang konsensiya ang naghuhusga kung ang isang bagay ay masama o mabuti. Ito ang pinakamalapit na pamantayan ng moralidad. Sinusuri niya ang aksyon o kilos kung tama o mali.*

*Ang salitang konsensiya ay galing sa salitang Latin na "conscientia" na ang ibig sabihin ay paglilitis sa sariling paratang at pagtatanggol. Ito ay praktikal na paghuhusga ng isipan na magdedesisyon na gawin ang mabuti at iwasan ang masama. Pangunahing tungkulin nito na malaman ang tamang gagawin sa bawat sitwasyon. Kayat nararapat maging malinis sa konsensiya ng tao kung ano ang tama at mali. Ang konsensiya ay nahuhubog sa pamilya, paaralan, simbahan at iba pang sektor ng lipunan upang maging matatag sa paggawa ng kabutihan. Hindi pareho ang dikta ng konsensiya sa bawat tao dahil iba't iba ang karanasan, kinalakihan, kultura at kapaligiran ang tao.*

*Narito ang iba't ibang uri ng konsensiya. TAMANG konsensiya, dito ibinabatay ang paghuhusga sa tamang pamantayan ng pag-uugali at moralidad. MALING konsensiya, dito ibinabatay ang paghuhusga sa mga maling batayan tulad ng kung ano na lamang ang nakikita sa iba o nararamdaman. Hindi dahilan na ginagawa ng nakararami ay tama na kahit ito ay lihis o taliwas sa kagandahang asal. TIYAK na konsensiya, ito ay ang pagkilos o paghusga nang walang alinlangan dahil alam mong nasa tama ang iyong katwiran. DI-TIYAK na konsensiya, ito ay ang pagkilos o paghusga na may pangamba na maaaring kabaligtaran ang pasya.*

*Ang dignidad ng tao ay nasasalamin sa pagpapahalaga niya sa kalinisan ng kanyang konsensiya. Ang pagpapahalaga niyang ito ay daan para sa isang mahusay na personalidad at pagkatao sapagkat walang alinlangan na kabutihan ang gagawin ng isang tao at para sa kanyang sarili, sa kapwa at sa Diyos. Sinasabi ngang sa bawat puso ng tao ay iniukit ang batas ng Diyos na nararapat sundin sapagkat ito ang magpapataas ng kanyang dignidad. Sa panahon ng pagdududa, pangamba o pagkakamali ng pasya o husga, lapitan ang magulang, guro o kapatid upang mabigyan ng gabay. Kung naguguluhan sa pasya ay maaaring ipagpaliban muna at hintayin ang tamang panahon upang isagawa ang pasya o husga. (Twila G. Punsalan, Buhay)*



APRIL .indd Sec1:3 4/21/11 10:52:11 AM



# LALAKI AKO, BABAE KA

Nang isilang ka, ikaw ba ang pumili kung ano ang iyong magiging kasarian? Itinakda na iyan, wala ka nang magagawa. May dahilan ang Diyos kung bakit ka niya ginawang lalaki o bakit siya ginawang babae. Malaki ang epekto sa pagpapaunlad ng pagkatao kung tanggap mo ang iyong itinakdang kasarian.

Ang sekswalidad ay ang kabuuang katauhan ng isang indibidwal o nilalang. Ito rin ang pagakakaranas sa sarili kung ano ka bilang tao, lalaki man o babae. Ang kasarian ay tumutukoy sa pagiging lalaki o babae. Malaki ang impluwensiya ng sekswalidad ng tao, babae o lalaki man, sa pagkilala at lubusang pag-unawa ng sarili. May kinalaman ito sa paghahanap ng kahulugan niya bilang tao o ng kanyang true self. Anuman ang itinakdang kasarian, babae o lalaki ka man ay may mga natatanging gawain na nakaatang. Masasabi na may malaking kaugnayan ito sa pagkakamit ng kaganapan ng bawat indibidwal. Tinawag ng Diyos ang tao upang magmahal at buong pusong maghandog sa pamamagitan ng pinagsanib na katawan at ispiritu na taglay ng bawat isa. Ang katawan ng tao, kasama ang kanyang itinakdang kasarian - ang pagiging lalaki at pagiging babae, ay hindi lamang instrumento sa pagpaparami at pagtiyak ng pagpapatuloy ng bawat salinlahi, kundi ito rin ay daan sa pagpapahayag natin ng pagmamahal. Dahil dito, ang tao ay nagiging handog sa kanyang kapwa. Dito nabibigyang kaganapan ang kahulugan ng ating buhay at pagiging tao.

## KATANGIAN NG MGA TAONG TINATANGGAP ANG KANILANG SEKSWALIDAD


1. Tinatanggap nila at pinauunlad ang kanilang pagkababae o pagkalalaki. Ipinagmalaki nila ito at hindi ikinahihiya.
2. Ginagampanan nila ang mga natatanging tungkulin na inaasahan sa kanila bilang babae o lalaki.
3. Iginagalang nila ang kasarian ng iba. Kinikilala nila ang prinsipyong magkatuwang ang babae at lalaki; hindi nila tinitingnan na mas mataas o mababa ang isang kasarian.
4. Nagpapasalamat sila sa Diyos sa pagkakalikha sa kanila bilang lalaki o babae.

## PAGPAPAUNLAD NG SARILING SEKSWALIDAD O KASARIAN

1. Tanggapin ang pagiging babae at lalaki. Alamin ang kahalagahan mo bilang babae o lalaki.
2. Magkaroon ng mabuting ugnayan sa mga kaibigan, pareho man o katapat ang kasarian.
3. Magbasa ng mga makabuluhang magasin at manood ng mga palabas sa telebisyon o sine na may kinalaman sa iyong pagiging babae at lalaki.
4. Sumali sa laro o isports na magpapalakas ng iyong pangangatawan at kaisipan.
5. Higit sa lahat, isipin na ang Diyos ay may layunin kung bakit nalikha kang babae at lalaki. Igalang ang layunin ng pagkalikha ng Diyos sa iyo. (Project EASE, bse.portal.ph)



APRIL .indd Sec1:4 4/21/11 10:52:14 AM




# ANG BUHAY SA KALYE

Pagtitinda ng bulaklak ang nakagisnan ni mang Doroteo. Ito na rin ang kanyang naging hanapbuhay ng siya ay magkaroon ng pamilya. Ngayon ay matanda na siya. Madalas niyang naiisip na maaari sanang magbago ang kanyang buhay kung sinunod niya ang payo ng dating kaibigan. Niyaya siya nito na magtinda na lamang ng bawal na gamot. Subalit tumanggi siya. Naisip niya ang pangaral ng kanyang ama. Mayroong Diyos na gumagabay sa buhay ng tao. Likas na mabuti ang tao subalit dahil sa mga pangyayari sa kapaligiran ay nakagagawa siya ng masama. Ngunit dahil mayroon siyang isip ay maaari siyang tumanggi sa masamang gawain at sundin ang tama, ito ang Batas Kalikasan. May kapasidad ang tao na gawin ang tama at umiwas sa masama. Dagdag pa ng kanyang ama mayroong itinakdang Batas ng Diyos. Ang mga ito ay ang Sampung Utos ng Diyos na nakasulat sa Bibliya. Upang higit pa niyang maunawaan, ang Batas ng Diyos ay siyang batayan ng Batas Moral ayon sa kanyang ama. Ang Batas Moral ang siyang pamantayan ng tamang kilos ng tao.

Mahigpit na tinatandaan ni Mang Doroteo ang mga pangaral na ito kung kaya ngayong matanda na siya, masaya pa rin siya sa kanyang piniling gawain. Umulan at umaraw ay nasa kalye siya. Minsan ay malakas ang benta ng bulaklak ngunit madalas ay hindi. Subalit kahit maliit ang kanyang kita ay masaya siya. Nakakaraos ang kanyang pamilya. Nakapag-aaral din ang kanyang mga anak. Kaya para sa kanya, masaya ang buhay sa kalye. (Project EASE, bse.portal.ph)



APRIL .indd Sec1:5 4/21/11 10:52:16 AM



Maki-Alam!

Ni Joshua Yusuf Barbas

# AMNESTY O AMNESTI-IS MUNA!

Magandang araw ng pagbabasa sa lahat ng mga suki. Ito na naman po tayo sa ating lathalaing bago. Habang dinodukumento po natin ang ating piniling artikulo ngayong buwan, kasalukuyang abala ang iilan o karamihan sa ating mga kababayan sa Kuwait para mag-evacuate 'di dahil may lindol, tsunami o iba pang disasters o calamities na nagaganap o 'di kaya nama'y giyera o gulong pampulitikang kaganapan sa bansang ito, bagkus Alhamdulillah!, pinagkaloob na namang muli ang amnesty ng bansa para sa mga undocumented na nahihirapang mga expats, mapa-ibang lahi o mga Kababayan man na matagal nang TNT (Tago-ng-tago) o walang visa o iqamah na pinanghahawakan, kasabay nito ang muli na namang nagiging maalikabok na panahon at umuusbong pag-init ng temperaturang nararanasan natin sa kasalukuyan.

Ang nasabing Amnesty na iginawad ng Amir ng Estado ng Kuwait ay nagsimula nitong nakaraang buwan ng Marso at ito ay tatagal pa hanggang sa huling araw ng Hunyo ngayong taon, kaya mga Kabayan, ito chance na naman sa gusto nang umuwi at mabago ng kaunti ang kalagayan bilang OFW (Overseas Filipino Workers). Ang layon po nito ay tuluyan at malayang makakauwi na ang karamihang undocumented na mga expats dito sa Q8 (Kuwait), walang ikakaso (case) sa sinumang mag-aavail ng nasabing regulasyon kaya marami ang agaran na ito ay aksyonan na, para naman tuluyan nang makauwi ang ibang over-staying na dito dahil na rin sa kalagayang walang mga legal na papeles at doon din sa ibang gusto nang masilayan ang mga mahal sa buhay o pamilya sa Pilipinas, kaya naman ito abala ang iba sa pag-aasikaso sa mga travel documents sa Immigrations at pag-babagahe ng mga dalahin o mga bitbiting gamit na iuuwi.

Another good news para sa mga Kabayan ika 'nga, na muling maiayos nila ng walang hassle o pangamba ang pag-uwi nang tuluyan, lalu na sa gusto nang masilayan ang bansang pinangarap na nilang uwian sa matagal ding paghihintay. 'Di man taun-taon itong amnesty grant sa bansang ito dahil na 'nga rin sa inaabuso ng iilan ang mga sitwasyon na tulad nito, kaya 'nga nagiging option na lamang ng iba na 'wag nang mag-visa o tagu-tago lang, katwiran pa ng iba para 'di na magastusan pa lalu na doon sa mga bumibili lamang ng iqamah para sa sarili o may hawak ng family visa. Pero siyempre 'di maalis ang pangamba na maaaring pagna-jackpatan ka sa lugar na may checking, yari baka makulong ka at tuluyang ma-black list o banned na sa bansa. Kaya 'nga maraming bilang sa kasalukuyan partikular sa mga travel agency ay nagpapa booking o bumibili na ng ticket pauwi, at abala sa ilang sa mga nagtutungo sa Embahada natin sa Jabriyah, passport o immigration offices abalang inaasikaso ang mga papers, lalu na sa mga kabayang nagdecide nang tuluyan at 'Paalam at Masalam -Kuwait!'

Ngunit sa ibang karakter o indibidwal na ating hiningian ng salaysayin o reaksiyon sa topic natin, silang mga undecided ika nga at ito silang gusto pa ring manatili, buo ang loob na tahakin pa rin ang buhay namamasukan anuman ang kalagayan na mangyayari at walang planong umuwi o gusto pa ring manatili dito para makipagsapalaran bilang TNT man na OFW. May katigasan man ng ulo nila, kung pupunahin ito ng iba, o may iba't iba mang mga planong maririnig o katwiran ay talagang isa lang na pagkakaparehas ang maririnig na dahilan na aking mapupuna sa kanilang salaysayin, ang tungkol sa pera o kabuhayan. Iba't ibang personalidad ang ating kinuhaan ng impormasyon at komento tungkol

APRIL .indd Sec1:6 4/21/11 10:52:20 AM

sa amnesty na tulad ng mga working visa na na-expire ang iqamah, mga 'di naasikasong anak na wala ding family visa mula sa mga magulang at iba pa. Inyo pong matutunghayan ang mga kwento. Kwentong hamon nila "Amnesty, lagi namang mayroon o magkakaroon niyan ulit, kaya ito Amnestiis muna!"

Si Maricon ng Pasay, 6 years sa Kuwait, dating namamasukan sa bahay ng mga Arabo at 5 taon nang Yaya ang career ngayon sa Salmiyah, pero take note 'di siya empleyada ng anumang agency o sa bahay ng sinumang amo, siya ay may kakaibang sitwasyon dahil ang flat na tinutuluyan niya ay mayroon siyang alagaing 5 bata na inihahatid sa kanya ng mga may anak na mga neighborhood nito ang naging sistema ng kanyang kabuhayan sa kasalukuyan, na kung pag-aaralan malaki ang kinikita niya sa ganitong pagiging baby-sitter na stay-out ang tema na ginagawa. Bale ang mga magulang ng mga bata ay dinadala, pinupuntahan at iiwanan sa kanya saglit para bantayan dahil sa namamasukan din sa kanya-kanyang trabaho, ang ilang alagain niya ay broken shift na inaalagaan niya, ang iba o tatlo dito na kapwa 4 to 5 years old na ay straight time namang inaalagaan niya kaya sa gabi 2 na lamang ang tinututukan niya dahil ang kuha nito ay sa pagitan ng 9 or 10 pm pa ang dating ng kapwa magulang nila. Magaling sa diskarte ang ginagawa niya, 'yun nga lang 'di siya makaalis ng bahay, lagi lang siya sa isang malaking kuwarto kung saan nandoon ang 4 at minsan pa 5 na mga alagaing mga inaasikaso. Sa kalagayan niyang 4 na taon nang paso na ang visa o expired na, nanghihinayang siyang magbayad ng malaking halaga para sa karamah o penalty charges na 600 KD at may ganitong offer na makakauwi na sana, hati ang isip sa pagdi-disisyon dahil na rin sa kinikita niya na umaabot sa 200 KD kada-buwan, ay talagang sabi niya 'Tiis muna!' bilang palit sa chance ng Amnesty. Malaking tulong siya sa maintenance ng pagpapagamot ng kanyang Ina na may sakit sa Pangasinan at pagpapaaral na rin sa mga anak sa Kolehiyo, 2 taon pang pagtya-tiyaga ay ga-graduate na ang mga anak. Kaya ito walang naiisip na option na kailangang kayanin pa rin na manatiling TNT, 'basta tuloy lang ang ikot ng buhay' dagdag pa niya.

Si Miguel at Sheila na taga Pandacan mag-asawa at naninirahan sa Mangaf na may kapwa mayroong mga visa sa kasalukuyan at kapwa namamasukan sa iisang coffee company bilang Barista ngunit magkaiba ng mga branches, isa sa Fahaheel at ang isa naman ay sa Jameeyah ng Mangaf. Kasal sila sa Kuwait last 3 years ago pa, pinagkalooban sila ng kambal na anak kaya ito kambal ding walang visa, sa unang taon ay kinaya pa nila ang mga sitwasyon ng papeles o iqamah pero nang taong nakaraan 'di na nila narenew pa ang mga visa ng mga supling kaya naman ito naging hamon sa kanila ang Amnesty na bigay ng bansa, isa sa kanilang rason ay walang perang pang-ticket, dahil siguradong tatlo agad ang bibilhing airplane ticket sa kambal at sacrifice na isa sa kanilang mag-asawa na uuwi pangsamantala para sa mga bata, ngunit dahil sa mga sitwasyong hindi din pa tanggap ng magulang ang lalaki ng mga biyanan sa kanilang pagkakatuluyang mag-asawa dahil si lalaki ay may anak sa pagkabinata at sila ay ikinasal sa sistemang Islam, tutol ang mga pamilyang panatikong Katoliko sa atin. Wala pang klarong plano para tuluyan nilang disisyunan ang mga kaganapan, kaya ito talagang amnesty-tiis muna total kapwa nila kinakatwiran na bata pa naman ang mga baby na 'di pa naman mag-aaral at wala pang sure na uuwian kaya undecided pa about dito. Sa kasalukuyan ay salitan lang ang situation nila sa pag-aalaga uuwi si Misis ng hapon at si Mister naman ang papasok na pang-gabi ang duty para makatipid sila sa gastusin sa pag-aalaga sa kambal na alalahanin, ngunit sa nakikita kung kalagayan ay masaya sila at nabibigay naman ang mga pangangailangan ng mga anak, kaya nga lang nag-iisip na sila ng klarong plano para sa susunod na Amnesty, InshaAllah!

Si Veron at Eloi magpinsan na Kapangpangan mula sa San Fernando. Kapwa parehas tumakas sa Amo ang isa 5 taon ng TNT at isa ay bago lamang 8 months pa itong si Eloisa na dala na rin ng mga 'di inaasahan sa 'di matinong magpasahod na among nakatira sa Adan. Magwa-1 year pa lang sa Kuwait at sila ngayon ay magkasama ng Ate niya sa hide-out, 'este sa flat sa Maydan Hawally biro lang sa magkapatid, ang Ate ay paso na rin ang visa, dahil wala na ring pambili o pang-renew na taunang binibili sa mga Sponsor na mapagsamantala sa pera kaya ito sa kasalukuyan siya ay namamasukan sa mga Catering service na madalas napapasama si Eloi sa ate at may konting partime sila sa pagawaan ng mga chocolate at baking ng mga cakes na malapit sa nasabing lugar na tinitirhan. Amnesty-tiis talaga ang kapwa katwiran nila dahil sa kahirapan ng sitwasyon sa kanilang lugar na hanggang ngayon ay



APRIL .indd Sec1:7 4/21/11 10:52:21 AM

'di pa rin nakakabawi sa sakunang naganap na dulot ng Mt. Pinatubo noon sa kanilang probinsiya, kaya ito talagang sakripisyo at sikap muna sa buhay. Kung mahuhuli siguro 'yun na, ang magpapahinto ng buhay Kuwait nila, pero kung may way na makakapasok pa rin na iba't ibang diskarte dito sa abroad ay tuloy lang naman ang buhay. Pero pagka-klaro lang nila na never sila papahanay sa - Thank You for the support Papa o Baba! Ang kapwa madiin na paninindigan nila, na bilang payo nila sa iilang mga Kabayang pumatol na sa maling relasyon, ang buhay na may suporta ngang nakukuha regularly ay tuloy-tuloy ding listahan lamang 'yan ng kasalanang pagbabayaran sa Impiyerno. Nakakatakot sabi nila ang walang visa pero mas nakakatakot ang gumawa ng kasalanan, payo pa nila.

Si Ann ng Bacolod City, ang malambing na kakwentuhan nating Kabayan na taga Sharq, namamasukan sa mga maliit na shop sa Mubarakiyah, mula nang namatay ang tunay na amo niya at naipasa sa anak ang mga business ay 'di na rin naging matino ang kalagayan ng visa niya, kasalukuyang nakabinbin sa korte ang kalagayan ng kanilang shop, pero 'di alintana sa kaniya iyon, dahil wala namang problema sa kanyang kalagayan na kahit walang papeles ay wala siyang karamah o pananagutan sa lagay ng kaso ng kanyang pinapasukang bilihan ng mga Kuwaitiyah dress sa nasabing mataong lugar. Tuloy-tuloy siyang namamasukan at ok naman ang sahod regularly niya itong nakukuha at 'di naman na la-late, na-checking na rin siya sa daan pauwi sa bahay at dahil nang humarap ang amo sa presinto ay naiayos at nailabas din siya kaya 'nga lagi na lamang siya may hawak ng papeles ng kanilang kaso sa kanilang shop para kahit sho'uon o labor officer mula sa Ministry ang bibisita at usisain ang papel niya ay may maipapakita siya. Amnesty-tiis siya for almost 3 years na rin, walang option ayon sa kanya, siya ang sumusuporta sa mga kapatid at anak na elementary pa lamang sa probinsiya, balo na si Sister pero 'di na iniisip pa ang mag-asawa sa edad na 35 years old, siguro priority niya ang makapagtapos ang mga kapatid at anak, kaya kailangang matuloy-tuloy ang suporta hanggat kaya pang magtrabaho. Sa kasalukuyan ay ongoing ang hearing ng kaso nila sa korte para naman maiayos na ang lagay ng papel niya. Gusto lamang niya ipayo sa mga Kabayan ingat sa mga papasukan kung kayo ay pipirma sa mga kontrata siguraduhing may pinanghahawakan ding kopya na naka authenticate din sa ating embahada sa OWWA para may mga habol na makukuhang benepisyo incase na may mga problemang magaganap. Salamat sa magandang payo kapatid, ingat at laging maging handa sa mga checking ha!

Ito tapos na naman ang yugto ng ating kwento, kaya ito paalam na muli sa mga suking mambabasa na walang sawa sa ating mahabang paliwanag sa mga napipili nating mga salaysayin. Salamat sa mga nag-email ng kanilang mga kwento, at sa gustong makisali sa ating brigadang walang katapusang kwentuhan buwan-buwan. Ito po ang ating email address j8shua_2020@yahoo.com o kaya text sa 655202-74- o tawagan lamang ninyo ako at bibisitahin ko po kayo sa inyong lugar o sa mga may facebook account type lamang po ninyo ang aking email add at add as friend lamang po ninyo ang inyong lingkod para po mai-accept o confirmed ko at chatting tayo. Thank you sa lahat. Hanggang sa muli, ito po si Bro. Josh Yusuf Barbas nag-uulat mula sa bulwagan ng bansang Kuwait ito ang Maki-Alam! Masalam!

# TRIVIA:

Alam n'yo ba na 'di lamang mga Palm trees o mga puno ng Palmera ang pinaparami at makikitang sikat na tanim dito sa Kuwait, 'di batid ng karamihan na may 1,000 mga farms sa 3 kilalang lugar na tinuturing mga bukirin ang - sa Abdali, sa Wafra at ilang farms sa Jahrah na sa kasalukuyan ang tinatamnan ng mga gulay tulad ng kamatis, pipino, strawberries, melons, sibuyas at alfalfa o ang bulaklaking damong ginagamit na pagkain ng ilang mga bakahan sa bansa. Kahit pa may kakulangan sa tubig ang lugar at may kainita ang panahon dito, gumawa sila ng artificial na growing method na may control na greenhouses o may tabing na bubong para 'di masira ng panahon o klima ang mga pananim na kanilang na ha-harvest every anihan. Bahagi ito ng 20 taon nang proyekto na 'greening the country program' at kanilang sinimulan noong 1987 pa. May mga manukan, bakahan at ilang mga fishpond din sa mga nasabing lugar at bukas ang gobyerno sa sinumang Kuwaiti na nais makibahagi sa kanilang proyekto.

Source: www.kuwait-info.com



APRIL .indd Sec1:8 4/21/11 10:52:22 AM

# MAGTAWANAN TAYO

## (Kung natawa ka na noon, tawa na ulit ngayon...)

Ni Issa Mohammad Tragua e-mail: jorgetragua@yahoo.com






Host: Saang lugar anga pinupuntahan ng mga tao tuwing Lingo? Nagsisimula sa letrang "L" (Luneta)
Brainless: sa Laguna?
Host: Malapit lang ito. Pinupuntahan ito ng mga magkasintahan.
Brainless: sa La Loma?
Host: ang lugar na ito ay tahimik
Brainless: Libingan?
Host: Hindi, malapit ito sa dagat...
Brainless: Laot?

Host: Anong hayop sa dagat na may walong tentacles? Ang pangalan niya ay nagsimula sa "Octo" (Octopus).
Brainless: October.
Host: walo nga ang tentacles nito.
Brainless: Octo-walo.
Host: Ang hayop na ito ay walang spine at malambot ang katawan.
Brainless: Octoart Dancer.
Host: nagtatapos sa "s" ang pangalan nito.
Brainless: Octoarts Dancers.
Host: Hindi pa rin.
Brainless: Octomechanix

Host: Sino ang action king ng Phil. Movies na may initials na FP (Fernando Poe)
Brainless: si Fops Pernandez!
Host: may Junior siya sa huli
Brainless: si Fops Pernandez, Jr.?

Host: Ano ang pambansang ibon ng Pilipinas noon?
Brainless: Sisiw?
Host: nagsisimula sa initial na M (Maya)
Brainless: Manok?
Host: Ito ay kulay brown!
Brainless: piniritong Manok!
Host: Ito ay mas maliit pa sa manok!
Brainless: Chicken Boullion cubes?

Host: Ano ang Pambansang isda ng Pilipinas?
Brainless: Pating?
Host: Ito ay nagsisimula sa letrang "B"(Bangus)
Brainless: Balyena!
Host: 100 times na mas maliit sa balyena.
Brainless: BUTETE?

Host: Sino ang pumatay kay Magellan? Ang kanyang initials ay LL (Lapu-lapu)
Brainless: Lito Lapid, Jr.?
Host: Hindi pa ipinanganak si Lito Lapid Jr sa mga panahong iyon!
Brainless: si Lito Lapid Sr.?
Host: ang kanyang pangalan ay inuulit-ulit
Brainless: LITO-LITO!
Host: Mali!
Brainless: LAPID-LAPID?!

Host: Ano ang pangalan ng pambansang bayani ng Pilipinas? ang kanyang initials ay JR (Jose Rizal)
Brainless: Jeric Raval?
Host: siya ay isang doktor!
Brainless: si Dr. Jerick Raval?
Host: siya ay patay na!
Brainless: si late Dr. Jerick Raval?



APRIL .indd Sec1:9 4/21/11 10:52:24 AM



Pinarangalan ng KPCCenter ang mga mag-aaral nito mula sa mga New Muslims at Non-Muslims na nagsipagtapos ng Arabic Language Courses at Islamic Cultural Studies - Class October 2010 to January 2011 sa pamamagitan ng isang Programa Para Sa Pagtatapos. Ang okasyon ay ginanap noong ika-11 ng Marso 2011, Friday, na dinaluhan ng mga mag-aaral na nagsipagtapos at ng kanilang mga kaibigan at iba pang mga panauhin mula sa Pilipino Community. Ang programa ay sinimulan sa pagbasa o pagbigkas ng ilan sa mga talata mula sa banal na Quran na ginampanan ng isa sa mga nagtapos ng Tajwid 1 (Quran Reading & Memorization with Tajwid) na sinundan naman ng isang maikling pananalita bilang pagbibigay inspirasyon sa mga nagsipagtapos na ginampanan ng Punong Tagapamahala ng KPCCenter na si Ustadz Khaled Abdullah AL-Sabea.
(Muhammad Sumaway, www.kpccenter.com)























APRIL .indd Sec1:10 4/21/11 10:52:24 AM

# Paano Matatamo ang mas Maginhawang Pagtulog sa Gabi Part 3



MAGHINTAY HANGGANG IKAW AY ANTUKIN. Kung nahihirapan kang makatulog, mahiga lamang sa kama kung ikaw ay inaantok na. Kung ikaw ay gising pa at nag-aalala pa rin matapos ang 10 minuto, bumangon ka at gumawa ng bagay na nakalilibang ngunit nakakarelaks, gaya ng paggagantsilyo, pakikinig ng musika, o pagbabasa ng libro. Baka nais mo ring makinig ng audio tungkol sa pagrerelaks. Bumalik sa kama kung inaantok ka na ulit. Kapag sa paghiga mo sa kama ay nag-aalala ka pa rin at hindi makatulog, bumangon kang muli at gumawa ng bagay na nakakarelaks hanggang sa ikaw ay talagang antok na upang mahigang muli sa kama. Sa umpisa, mapupuna mong kailangan mong bumangon sa kama ng makailang beses bago ka pa tuluyang makatulog. Ang mahalaga ay matutunan mong iugnay ang iyong kama sa mismong pagtulog at hindi sa pag-aalala.

IWASAN ANG PAG-IDLIP SA ARAW. Hindi pangkaraniwan sa mga taong hindi nakatulog ng mabuti sa gabi ang maging antukin kinabukasan. Ang pagkaantok na ito sa umaga ay mag-uudyok sa iyong umidlip sa araw. Subalit kung ikaw ay may insomniya at umidlip sa araw, mas lalo mo lamang ginawang mahirapan sa pagtulog ng isa pang gabi. Ito ay sa dahilang hindi ka masyadong pagod kapag oras na ng pagtulog at mangangailangan ka lang ng mas maikling tulog dahil nakatulog at magigising ka nang mas madalas sa gabi. Kinabukasan malamang na maramdaman mong aantukin kang muli at mahahalinang umidlip na naman sa araw. Mapupuna mong sa paglaon, ang ganitong kagawian ng pag-idlip ay magiging isang maling pasikot na magpapalubha pang lalo sa iyong naunang suliranin sa pagtulog. Kung ikaw ay may insomniya, iwasang umidlip sa araw kahit gaano ka pa kapagod sa maghapon (Maliban na lang kung ikaw ay nagtatrabaho ng pahalinhinan). Sundin ang regular na oras ng tulog sa pamamagitan ng pagtulog sa pare-parehong oras bawat gabi at paggising sa pare-parehong oras bawat umaga. Kung hindi ka makatulog sa iyong normal na oras ng tulog at lumampas dito, huwag matutulog ng sobra kinabukasan - gumising sa iyong normal na oras ng paggising. Sa pagsunod sa mga tagubiling ito, makasisiguro ka na ang iyong natural na regularidad ay katugma mo at tunutulong sa iyong makatulog sa oras na nais mong matulog.



APRIL .indd Sec1:11 4/21/11 10:52:30 AM





# PINOY RECIPE

*Ni Sis. Um Ismael*

*(Iba't Ibang Luto ng Isda)*
## *SINIGANG NA BANGOS SA KAMYAS*
*Mga Sangkap:*
*1 bangos*
*2 sibuyas, pinag-apat*
*3 kamatis, hiniwa*
*2 butil na bawang, pinitpit*
*kamyas (pinisa)*
*kangkong*
*hugas-bigas*
*labanos, pinag-apat*
*asin*

*Paraan ng Pagluluto:*
*1. Linisin at hiwain ang bangos.*
*2. Pakuluan sa hugas-bigas, kasama ng sibuyas, kamatis, bawang at kamyas*
*3. Ihulog ang labanos, saka ang kangkong, tangkay muna bago dahon*
*4. Asnan at tikman*
*5. Ihain nang mainit*

*(Iba't Ibang Luto ng Karneng Baka)*
## *KARE-KARE*
*Mga Sangkap:*
*1 buntot ng baka*
*1 puso ng saging (hiwang 2 pulgada ang haba)*
*2 puno ng petsay (hindi kailangang hiwain o pagpuputul-putulin; paghiwalayin lamang ang mga tangkay)*
*1 taling sitaw (apat na pulgada ang haba ng bawat putol)*
*3 talong (2 o 3 pulgada ang haba)*
*1 sibuyas*
*2 butil na bawang*
*1 litrong mani*
*1 puswelong bigas*
*atsuwete*
*asin*
*bagoong na alamang*

*Paraan ng Pagluluto:*
*1. Palambutin ang buntot ng baka.*
*2. Masasamahan ito ng bituka, gilagid at pata ng baka kung nais, habang pinalalambot ang buntot.*
*3. Ibusa ang bigas at dikdikin.*
*4. Dikdikin din ang mani. Maaring peanut butter, sa halip na dinikdik na mani ang gamitin.*
*5. Kapag malambot na ang buntot, igisa ang bawang at sibuyas.*
*6. Isabaw ang kaunting tubig na pinaglagaan ng buntot.*
*7. Kapag kumukulo na ay ihulog ang sitaw at puso ng saging. Kapag malasado na ang sitaw at puso ay ihalo ang petsay at talong.*
*8. Papulahin ang sabaw sa pamamagitan ng katas ng atsuwete.*
*9. Dagdagan pa ang sabaw, at kung malapit nang maluto ang lahat ng gulay, isama ang buntot.*
*10. Palaputin ang sabaw sa pamamagitan ng dinikdik na mani.*
*11. Halu-haluin hanggang ilalim pagka't baka manikit sa ilalim ang dinikdik na bigas at masunog ito.*
*12. Ang bagoong na alamang ay igisa para maging sawsawan.*

*(Source:Piling-piling Lutuing Pilipino, R.P.Nem Singh, G.V.Manaog; Isa-Jecho Publishing Inc)*



APRIL .indd Sec1:12 4/21/11 10:52:31 AM

# PWEDING TAPOSIN ANG KOLEHIYO HABANG NANDITO SA KUWAIT

MANGARAP AT TUMANGAP NG BACHELOR AT MASTER'S DEGREE. Dahil sa kagustuhan nating marating o mapaunlad ang ating kalagayan sa buhay, marami sa atin ang lumayo at nalayo sa ating mahal na Bansa para makipagsapalaran. At dahil sa bagay na yan, wala tayong sapat na panahon para maipagpatuloy ang ating pag-aaral.

Malaking bagay sa atin kung tayo'y makatapos ng ating pag-aaral sa kolehiyo. Maging sa ibang bansa man o sa Pilipinas. Lalo na sa panahon ngayon na ang isang basehan ng karamihan sa mga employer ay ang ating natapos. Mahirap pumasok sa trabaho lalo na kung ang mga kakompetensya mong aplikante ay nakatapos ng kolehiyo.

Ganun paman, hindi po dapat tayo mawalan ng pag-asa. Kahit anong edad, maaari pa rin nating maipagpatuloy ang ating pag-aaral kahit tayoy nasa ibang bansa. At paano natin ito magagawa? Ito ay sa pamamagitan ng tinatawag na ON-LINE STUDIES o Distance Learning/Education.

ANO NA ANG ONLINE STUDIES AT ANG KAHALAGAHAN NITO? Ang ONLINE studies ay ang pagpapalawak ng mga mag-aaral na nakakaranas ng mga suliranin sa edukasyon sanhi ng kakulangan ng sapat na panahon at kakayahang makapasok ng regular sa eskwelahan. Sa tulong nito, madali nang maisakatuparan ang pag-aaral sa kabila ng suliraning ito at abot-kamay na ng bawat mag-aaral ang tagumpay sa pamamagitan ng pag-aaral gamit ang pangkasalukuyang advance technology gamit ang internet. Ibig sabihin, kahit anong oras ay pwede ka makapag-aral. Hawak mo ang iyong oras. At parang pumapasok ka na rin sa regular school dahil makakatanggap ka parin ng diploma at accredited po ito ng Commission on Higher Education (CHED) sa Pilipinas.

Ang International Institute of Computer Science in Administration (ICSA) in cooperation with Wisdom International School for Higher Education Studies (WISHES) ay nagagalak at masayang ibinabalita ang magandang oportunidad para sa mga Pilipino dito sa Kuwait para makapag-aral online para makatapos ng Bachelor's Degree course at Master's Degree. Maari nating matapos ang Bachelor of Science in Business Administration (BSBA) or Commerce (BSC) major in Marketing at Management. Maari rin po tayong makapagpatuloy sa graduate school ng Masters in Business Administration (MBA). Handa po ang mga highly qualified Filipino Instructors at professors para sa inyo.

Ito po ay magaan sa bulsa. At kahit nakabalik ka sa Pilipinas for good, o napadpad ka sa ibang bansa, walang dapat ikabahala dahil pwede mo parin itong ipagpatuloy dahil sa online ito. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita lang po sa ICSA located at Kuwait City, Panasonic Tower, 8th Floor, harap ng KFC sa Maliya, o tumawag sa mga 22467301, 99302850.



MINDANAO: TUKLASIN NATIN

*Ni Ust. Abubaidah Salud Satol*
*Translator/News Editor*
*Ministry of Information*
*Kuwait*



# Mga Likas na Yaman ng Mindanao

*Ang Mindanao ay mayaman sa mga yamang mineral na tulad ng bakal, nikelado, tanso, pilak, ginto, karbon at apog. Dito rin ang isa sa pinakamahalagang pinagkukunan ng yamang agrikultura tulad ng iba't-ibang bungang kahoy na tulad ng mangga, durian, lanzones, rambutan, makopa, santol, avocado, gayundin ang mga pananim na tulad ng pinya, saging, mais, kape, kopra, kakao, abaka at maging ang palay.*

*Ang mga karagatang nakapalibot sa Mindanao ay mayaman naman sa iba't-ibang uri ng isda, kabibi at mga koral. Ang pinakatanyag na isdang Tuna at Salmon na ginagawang sardinas ay sa Mindanao din matatagpuan.*

*At bukod sa mga isdang dagat ay mayaman din ang Mindanao sa iba't-ibang uri ng isdang tabang na tulad ng Bangus, Tilapya, Dalag, Hito, at iba pa...*

## *Ang Tropikal na Kaagubatan*

*Ang mga kagubatan sa tropiko ay mayaman sa iba't-ibang uri ng mga tanim, halaman at hayop. Napag-alaman na mahigit sa kalahati ng lahat ng uri ng mga halaman at hayop ay matatagpuan sa kagubatan ng tropiko.*

*Ang palagiang mataas na temperatura at ang patuloy na mataas na halumigmig o "humidity" sa tropiko ay naging dahilan upang mabuhay ang iba't-ibang uri ng hayop at halaman sa kagubatan. Ayon sa saliksik, ang temperatura sa karamihan sa mga tropikong kagubatan ay magmula sa 25 degrees Celsius hanggang 35 degrees Celsius.*

*Gayunpaman, may mga banta rin sa buhay ng mga kagubatan, kung saan tanging dalawampong porsyento lamang ang likas na orihinal na tropikong kagubatan ang natitira sa kabuuan, hanggang sa kasalukuyan.*

*Ang pangunahing kadahilanan ay ang malawak na pamumutol ng kahoy, ng mga commercial logging companies at pagputol ng mga kahoy sa kagubatan (kaingin) ng mga lokal na mamamayan, upang makabuo ng sapat na lupa para sa mga gawaing pang-agrikultura.*

*Sa taong 2001, wala pang walong por syento ang natitirang tropikong kagubatan sa buong bansa, kung saan wala pang isang daang taon ang nakalipas ay may pitumpong por syento pa ang natitira sa buong bansa. At kapag hindi mapigilan ang ganitong mga gawain ay wala nang matitirang tropikong kagubatan sa bansa sa loob ng susunod na labing limang taon.*

*Kapag nawala ang malalaking kahoy sa tropikal na kagubatan, mahigit tatlong libo at limang daang uri ng mga tanim at hayop din ang nawawala at patuloy na maglalaho, lalo na't ang ilan sa mga ito ay sa Mindanao lamang matatagpuan.*

*At bukod sa mawawalang kabuhayan sa kagubatan, malaki ang tsansa sa banta ng pagbaha at pagguho ng mga lupa sa kapatagan at sa mababang mga lugar.*



APRIL .indd Sec1:14 4/21/11 10:52:33 AM



# Bahagi Na Ng Palabas

*Ni AbdulQadir E. Laja*

*May isang competition show sa TV na lubos nakaka- entertain sa mga manonood, ito yung Pilipinas Got Talent. Marami ang sumali dahil sa malaki ang premyo, at nais mai-share o maipakita ang kanilang mga talent. May mga kumanta, sumayaw, nag-magic, nagpatawa lang, at iba pa. Sa mga performers, nandoon yung talagang "magaling", at nandoon din ang "hindi magaling". Makikita ang contrast sa kanilang performance. May mga contestants na "hindi magaling" ngunit nakakatawa. Sigawan, tawanan ang mga tao. Napansin ko, lalong naging masaya ang palabas dahil sa iba't ibang klase ng mga contestants, iba't ibang level ng talent.*

*Sa mundong ito, maraming mga bagay at tao na ating nakikita. Minsan tayo ay nagtatanong kung bakit may maganda, may pangit, may mayaman, mahirap, may malakas, mahina, may dilim, may liwanag. Dahil siguro, upang maging kumpleto ang mga nilikha. Hindi nga dapat ang lahat ay nasa itaas, hindi dapat ang lahat ay mayaman. Kung ang lahat ay mayaman, wala nang manghuhuli ng isda, wala nang magtatanim ng palay.*

*Katulad din sa isang pelikula, mayroong na-aapi sa mga characters, may binubugbog, may natatalo at nagwawagi, ibig sabihin may bida at kontrabida, upang mapaganda ang palabas. Maari din kaya nating sabihin na ang ating buhay sa mundong ito ay nakasulat na sa aklat? Sa aklat ng Isang Dakilang Direktor, na ating gagampanan na lamang?*

*Nakakaranas tayo ng pagkauhaw, upang bigyang halaga natin ang tubig. Tayo ay nagugutom, upang ating maramdaman ang sarap ng pagkain. Nandyan ang problema, ang digmaan, mga sakuna upang tayo ay magising, at bumalik sa Katotohanan at Magagandang gawain. Ang lahat ng mga bagay o pangyayari ay nakasulat na, bahagi na ng buhay.*



APRIL .indd Sec1:15 4/21/11 10:52:36 AM



*Mga sagot ni Skh. Abdulhadie Gumander na itinala ni Bro. Abdullah Tabing*

# TANONG AT SAGOT

## Ang Pagbigay At Pagtanggap Ng Zakah O Sadaqa Mula Sa Salaping Hindi Malinis(Haram)

*TANONG: Pwede ba nating tanggapin ang tulong, zakat man o sadaka ng isang tao na alam natin na ang kanyang ibinibigay ay nagmula sa masama o hindi ipinapahintulot ng Islam (nakaw, pagpapatubo o Riba)?*

*SAGOT: Bismillah, Wassalatu Wassalamu Ala Rasuli...llah, Waala Alihi Wasahbihi Waba'd. Ang paghahanap buhay sa bawal na pamamaraan o pagtatrabaho sa isang kompanya o banko na mayroong bawal na transaksyon, halimbawa ng pagpapatubo ng pera (riba) o pagbebenta ng alak, bawal na gamot at iba pa, ay masama at kasalanan. Sinumang nakagagawa ng ganito ay agad na niyang tigilan at magbalik-loob sa Allah, at nararapat sa mga Muslim na pangaralan itong tao. Kaya, hindi rin ipinapahintulot sa sinumang gumagawa ng ganitong pananalaping transaksyon na magbigay ng Zakah (sapilitang kawanggawa) at Sadaqa o kawanggawa mula sa kanyang kinikitang salapi at hindi rin tatanggapin sa kanya ng Allah. Ang taong nagkakaroon ng ganitong klase na yaman pagkatapos ay maghangad na iluwas nito o linisin ay hindi maaari sa pamamagitan ng kawanggawa o ng pagbibigay ng Zakah. Sapagkat, ang Allah ay malinis, na hindi tumatanggap kundi ang malinis, at ang ganitong uri na salapi ay hindi pagsasarili (mamlook) ng may-ari at ang pinaka- kondisyon ng Zakah ay ang pagsasarili, at ang hindi malinis at mabuti o ang mga bagay na nagmula sa hindi malinis o hindi mabuti kailanman ay hindi magiging pagsamba sa Allah. Gayundin, ang Zakah ay paglilinis sa taong nagbibigay nito at sa pinagkukunang yaman din, subalit ang salaping haram ay pawang madumi na hindi nalilinis ayon sa napagkaisahan ng mga pantas sa Islam.*

*Ang nararapat lamang sa kanya ay ibalik ang salaping ito o yaman kung saan nanggaling o sa may-ari halimbawa kung ito ay ninakaw o kaya ay kinuha sa sapilitang pamamaraan, at kung hindi ay ipamigay na lang sa mga mahirap o kaya ay igawa ng mga pampublikong interes nang wala na sa kanya ang layuning Zakah o Sadaqa, katulad ng paggawa ng kalsada o anupamang napapakinabangan ng marami. At gayundin magbalik-loob sa Allah at gumawa ng mga mabubuting gawain. Ayon sa kahulugan ng talata ng Allah: "Katotohanan, ang mabubuting gawa ay nakapag-papaalis ng masasamang gawa" Qur'an 11:114. Sinabi ni Propeta Mohammad (Sumasakanya ang kapayapaan): (O sangkatauhan! Ang Allah ay mabuti at tumatanggap lamang ng mabuti, at iniatas ng Allah sa mga nananampalataya ang iniatas din sa mga Sugo, sinabi Niya: "O (kayong) mga Sugo! Kumain kayo ng Tayyibat (lahat ng uri ng halal [legal o pinahihintulutang] pagkain na ginawa ng Allah), at magsigawa ng kabutihan. Katotohanang Ako ang Ganap na nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa", at sinabi rin: "O kayong nagsisisampalataya! Magsikain kayo ng mga mabubuti (mga pinahihintulutang) bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo" at pagkatapos ay binanggit ang taong magpapahaba sa paglalakbay na gusot ang buhok at maalikabok, at itinataas ang kanyang mga kamay sa langit (na nagsasabing); Oh Panginoon! Oh Panginoon! At ang kanyang pagkain ay haram, at ang kanyang inumin ay haram, at ang kanyang damit ay haram, at siya ay inalagaan sa haram, kaya papaano ito tatanggapin sa kanya"). Ayon din sa kahulugan ng talata ng Allah: "Kumuha ka (O Mohammad) ng Sadaqah (limos at kawanggawa) mula sa kanilang kayamanan upang sila ay mapadalisay nito at (ito) ay lalo pang mag-ibayo" Qur'an 9: 103. At sinabi rin ni Propeta (Sumakanya ang kapayapaan): "Hindi tumatanggap ang Allah ng kawanggawa mula sa mapagpahamak". At inihalintulad ng mga Al-Hanabilah (Kaawaan sila ng Allah) ang paggamit nitong uri na yaman sa paghuhugas (wudoo) ng tubig na inagaw at ng pagdarasal sa pamamagitan ng damit na inagaw o sa isang lugar na inagaw. At si Sufyan Al-Thawri (Kaawaan siya ng Allah ay nagsabi rin: "Ang pagbibigay ng kawanggawa mula sa salaping haram ay katulad ng paglilinis ng damit sa pamaamagitan ng ihi."*

*Iba namang isyu ang pagtatanggap ng Zakah o Sadaqa (kawanggawa) mula sa ganitong uri na salapi o bawal na pinagkikitaan o transaksyon, halimbawa ay kung ang nangangailangan ba ay maaari niya tanggapin ang Zakah o Sadaqa na mula sa salaping haram o alam niyang ang hanap buhay ng taong nagbibigay sa kanya ay masama? Kung ang mahirap ay wala nang mapagpilian, sapagkat siya ay nangangailangan ay maaari niyang tanggapin ang anumang ibinibigay sa kanya at wala siyang pananagutan kung ito ay nanggaling sa haram o sa hindi haram, at hindi na rin dapat mag-usisa o magtanong kung ito ba ay Zakah o Sadaqa at kung saan nanggaling o anuman ang hanap buhay ng nagbibigay sa kanya, lalo na kung alam rin niyang ang kayamanan ng nagbibigay sa kanya ay naghalo ang mabuti at masama, malinis at hindi malinis, sapagkat ito ay maaari niyang tanggapin maging Zakah man o hindi, maliban kung siya ay hindi nararapat na tumanggap ng Zakah o hindi kabilang sa walong uri (sinf) na tumatanggap ng Zakah.*

*Nabanggit ng mga panatas (Kaawaan sila ng Allah) na; "Hindi masama na kumain, makitungo at tumanggap ng kawanggawa at regalo mula sa sinumang higit na nakakarami sa kanyang yaman ay haram, maliban sa mga bagay na siya mismo ay haram". Ibig sabihin ay kung naghalo ang mabuti at hindi mabuti o haram at hindi haram, hindi rin masama na tanggapin ang Zakah o Sadaqa nito. Gayundin, hindi masamang tanggapin ang iniluluwas na hindi mabuti o hindi malinis na salapi o kaya ay haram o mula sa haram kung may pagkatakot na mapunta sa kamay ng mga kumakaaway sa mga Muslim o para sa kapinsalaan o kasiraan ng Islam, bagkus ito ay gagamitin lamang sa mga pambulikong interes o kaya para sa kapakanan ng Islam, mga Muslim at ng bansa halimbawa ay sa pag-unlad at sa pagbili ng mga pangdepensang sandata.*

*Subalit, dapat maging malinaw sa lahat na kung natitiyak na ang nagbibigay ay wala nang hanap buhay maliban sa haram, sa madaling sabi ay nakakatiyak tayong ang ibinibigay sa atin, maging Zakah man o hindi ay puro haram o sa sarili nito ay haram, halimbawa kung ang ibinibigay ay ang mismo ninakaw, o kaya ay sabihing ito ay haram o mula sa haram; riba, sugal at bawal na gamot ay hindi nararapat na tanggapin, sapagkat iniiwasan na masuportahan sa kanyang ginagawang masama o haram. Ayon sa kahulugan ng talata ng Allah: "At magtulungan kayo sa isa't isa sa Al-Birr at At-Taqwa (kagandahang-asal, katuwiran at kabanalan) datapuwa't huwag kayong magtulungan sa isa't isa sa kasalanan at pagsuway.." Quran 5:2.*

*Ang Allah lamang ang higit na nakakaalam.*

*Para sa nais magtanong, mag-email sa: joselitotabing@gmail.com*



APRIL .indd Sec1:16 4/21/11 10:52:39 AM

# PAG-ARALAN ANG ARABIK

Ni Usta. Halima Mantawil, Head of the Women Section, KPCCenter

## Lesson 22

| Ang kahulugan sa Tagalog | Pagsasaling titik | Magkakasama na titik ng salitang Arabik |
|---|---|---|
| Mga salita | Al- kalimat | الكلمات |
| Mga kulay | Al –Alwan | الألوان |
| Puti – itim - berde | abyadh – aswad - akhdar | أبيض – أسود - أخضر |
| Asol – dilaw - pula | azraq – asfar - ahmar | أزرق – أصفر - أحمر |
| Kayumanggi – lila /kulay ubi - rosas | bonniy – binafsajiy - wardiy | بنىّ – بنفسجىّ - وردى |
| Abuhin / kulay abu – kahel / kulay kahel – sky blue | rosasiy – burtoqaliy - samaiy | رصاصى – برتقالى - سمائى |

Mga Katinig

Harakat

Fathah = "a"

halimbawa بَ = Ba

Kasrah= "I"

halimbawa بِ = Bi

Dammah "u"

halimbawa بُ = Bu

Ang Alpabetong Arabik

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| ر Raa | ذ Dhaal | د Daal | خ Khaa | ح Haa | ج Jeem | ث Thaa | ت Taa | ب Baa | أ Alif |
| ف Faa | غ Ghaieen | ع Aieen | ظ Zaa | ط Taa | ض Daad | ص Saad | ش Sheen | س Seen | ز Zaa |
| | ى Yaa | ي Yaa | ه Haa | و Waaw | ن Noon | م Meem | ل Laam | ك Kaaf | ق Qaaf |

Para sa mga Filipinong nais mag-aral ng Arabik na LIBRE, tumawag lamang sa ating KPCCenter, 24712574 extention 111 sa mga babae, at extention 102 sa mga lalaki.

# BASA A MORO



*Inisulat ni Ust.Marouf Baraguir Ali*

*Da'iyah & Social Researcher*

*Head, Men Section, KPCCenter*

*So Hadis a ikasapulo nando siyaw:*

*19- Nakabpon kani ama ni Al-Abbas a si Abdillah a wata ni Abbas a naliliniyan silan duwa nu Allah pidtalo nin: siyaku kanu talidkudan nu nabi ( a inikalimu nu Allah nando sinagyahatra nin ) kanu isa a gay na pidtalo nin: ( Hey wata sabensabenal na pamandon ku seka sa mga bitiala ( kalimaat ) parihala ka su Allah ka parihalan kanin, parihala ka su Allah ka maton nenka sekanin siya kanu unan nenka, amayka mangni ka na luka pangni sa Allah, endo amayka mapatabangka na luka patabang kanu Allah, endo katawi ka ( tuntayi ka ) I sabensabenal su manga taw( ummat ) umana bu ka edtimutimu silan sa pagkapyan ka nilan siya kanu enggagaysa na dala makapagkapya nilan salka yatabya na su enggagaysa bon a inisulat nu Allah ( inukul nin ), o manem ka edtimutimu silan sa ikabinasa nilan salka siya kanu enggagaysa na dala ikabinasa nilan salka yabon tabya na su enggagaysa a inisulat nu Allah ( inukul nin ), nakapulu su ibpanulat ( pencil ) nandu namalan su kalatas )*

*napanudtol ni Altirmizi sa yanin pidtalo: hadis a mapia nando usto.*

*siya manem kanu isa a tudtulan a salakaw kani Altirmizi:*

*( parihala ka su Allah ka maton nengka sekanin siya kanu kasangulan nengka, pagkatawka kanu Allah siya kanu timpu a makadadaya ka ( kapiya I ginawa nengka ) ka katawan kanin kanu timpo a mapasang ( masenget ),endo tuntayi ka I sabensabenal su nakabetad salka na dili den mapukas, su dala manem mapaluli salka na na dili den manggula, endo tuntayi ka I sabensabenal su tabang na salta kanu kadsabar, endo sabensabenal su kalwag ( kapakasengaw ) na salta kanu kasimpitan, endo sabensabenal a salta kanu kapasang su kalelemu ).*

*So mga pangagi nando gun-guna a nakuwa kanu nan a Hadith:*

*1. Wagib sa kanu taw a muslim I kaparihala nin kanu Allah, ya mayto na enggalbeken nin su enggagaysa a iniwagib nu Allah salkanin sa endaw taman I magaga nin lon, nando wagib salkanin I kadsanggila nin kanu enggagaysa a inisapal nu Allah sa entuba na dala tinabya lon kagina kagaga into pedsanggila.*

*2. Parihalan nu Allah su taw a pamarihalan nin su inisugu lon no Allah nando pedsanggilan nin su inisapal nu Allah.*

*3. Wagib su kapanggi lo kanu Allah ka sekanin ba I pakagaga kanu langon nu enggagaysa, dili kapakay a mangni su taw ( endua ) kanu salakaw sa Allah.*

*4. So langon nu enggagaysa na inukol nu Allah sa magidsan I malat mapia na ganat salkanin.*



APRIL .indd Sec1:18 4/21/11 10:52:43 AM



*Inisulat ni Ust. Muslimin Palami Bhiruar*
*Public Relation & Information*
*KPCCenter, Kuwait*
*e-mail : aymus8118@yahoo.com.*

*SO KATARIMA KO DU'AH*

*Amayka manggalbek so manga sarat o du'ah na so Allaho Taalah na di mapadapat sa katarimaniyan ko du'ah o oripen niyan , ogaid na adenoto na; inggay niyan den ko tao a phangni saya giyoto demba a oras, adenoto na edtatanggori niyan menggay so pangnin o tao para makasemba so tao a muslim samadakel a semba ago para makapangalimbaban roko Allah,adenoto na salakao I enggay niyan ko oripen niyan a mas makagkapiya r'kaniyan kumin ko phangnin niyan, adenoto na ombalen niyan a dalinding atawa depensiya o tao ko manga batalo atawa tiyoba a phakauma r'kaniyan para di makataros r'kaniyan, adenoto na edtatanggori niyan so kaenggay niyan ron sa ro niyan edtitiyalangan ro sa gay a mauri,kagiya so Allaho Taalah I mataw tatangka ko kanggola saya sa donya ago s'kaniyan a Allaho Taaalah I phakailay ko inday makagkapiya ko oripen ,ka katawaniyan so naipos a miyanggola ago so imanto a kapapantagan a kanggola ago so dapen mauma a manggola o oripen niyan siya sa donya,kagiya ka maoto manga pagari ko a manga a muslim a manga phamaritiyaya sa Allah na di tano enggaganan so du'ah tano sa enday kiyapangni tano sa Allah na ya tano kiyog na makauma den so sembag o Allah (* إن الله بالغ أمره قد جعل الله لكل شيىء قدرا*) ( Sabensabenar so Allaho Taalah na pedtamanan a maator so Galbekeyan ago sabensabenar so Allaho Taalah na inokor yan atawa madidiyangka niyan so langono enggaga-isa )*

و قال الله تعالي( و إذا سألك عبادي عني فإني قريب أجيب دعوة الداع إذا دعان فليستجيب لي و ليؤمنوا بي لعلهم يرشدون )

*Ya pedtaro o Allah : ( Amayka edsangka o oriopenko andako matatago na edtarowangka na sabensabenar a saki na marani ako r'kaniyan, pedsembagengko so pangni o phangni amayka mamangni raki,na tarowangka r'keran I pamangni kano raki ago paritiyaya kano raki basi kalokalo matuturo kano )*

*SO MAKASAPAR KO KATARIMA KO DU'AH*

*Amayka so Du'ah na sopak ko Allah.*

*Amayka malobay so paritiyaya o tao ko tempo a pen-Du'ah s'kaniyan.*

*Amayka miyakakan sa haram so tao ko tempo a pen-Du'ah s'kaniyan.*

*Amayka madakel I miyanggalbek a kabaradosan so tao.*

*Amayka enggaganan so kan-Du'ah.*

*Adenoto na di matarima siya sa donya ka ro makuwa sa gay a mauri sabap ko kapiya niyan.*

*Adenoto na di matarima so Du'ah ka saya penggamiten ko galbek a marata.*

*Adenoto na di matarima ka so kakuwa ron na makauman sa kanggalbek sa kabaradosan na yatomo I di matarima.*

*Adenoto di matarima so du'ah kagiya amayka makuwa o tao so pangnin niyan na kalipatanan niyan so Kadnan niyan, na diden s'kaniyan mangni phapharoman.*



*Ni Ust. Wahibie Tamama*
*Da'iyah & Cultural Field Worker,*
*KPCCenter*
*E-mail: alwahibi@alnajat.com.kw*

*SUMPATAN TANO MANEM SO MGA BITIYALA TANO KANO NAIPOS ANIYA A ULAN ULAN ,*

وفى حديث جبريل عليه السلام عن ابن عمررضى الله عنهما : والشاهد – قال له جبريل أخبرنى عن الإسلام ثم سأله عن الإيمان ثم عن الإحسان فأجابه رسول الله على ذلك كلها.

*Amay ka maka Ludep so ( Manusiya - Tao ) kano Taritiban o Agama ya Maito na so Tlo a PANKATAN yanin Ma'na ma ISLAM skanin entu pan ka Kabedtuan skanin sa Muslim, yanin itago sa Ginawa nakasakat den sa isa a Pankatan o AGAMA oway Muslim den skanin,isaden a mpia na amaika so Tao na Maka Ludep sa Mapia kano rebo no ISLAM,,, sabap sa kangalbekin so Mapayag a igagama kano ISLAM, Ugaid na yanin itago sa ginawa manem na isa into a Pangkatan a Nauma nin siya kano AGAMA,,,ya Husto na iseganin na endo Umanin so galbekin a Mapia kano Bagel o Kaparitiya kano Suguan o ALLAH, ka endo nin manem Masampay so ikaduwa a Pangkantan o AGAMA,,, ya Maito naso ka MU'MIN oTao a Muslim,(* ولما يدخل الإيمان فى قلوبكم*) 14*الحجرات

*labi i Kapiya nin den abnar Amaika Midtakna sa Mapiya so (EMAN) siya kano Pusongin, Taman sa katusan den sa madsipatin den sa Mapia iganat sa Ulawla nin endo Guway guway nin yanin Kasampulna siya ko ngali nin na labi labi den amay ka yanin den Masampay na so Pankatan a (MUH'SIN)(*لن ينال الله لحومها ولا دماؤها ولكن يناله التقوى منكم....*) 37*الحج *(*وبشر المحسنين*) ka Mimbabet so Kapiyananin siya sa Dunya labi labi den siya kano Akhe'ratin , ka so Tao a Paritiya endo Mibpipiya sa Galbekan Magidzan i Kailay di kailay siya sa lalan sa ALLAH" Diden Sadili na Masampay nin so Kalilintad siya sa Dunya ya Masla a Masampay nin na so Akhe'ratin ,*

*Wagib abnar i kasabutan oTao so Pankatan no Agama nin a islam :*

*A Telo timan (*مراتب الدين ثلاثة*)*

المرتبة الأولى : الإسلام

المرتبة الثانية : الإيمان



# BISAYA

Ni Sister Sarah Mailyn Rodriguez

## DAKBAYAN SA PAGADIAN

*Ang Dakbayan sa Pagadian usa ka unang klaseng dakbayan sa lalawigan sa Zamboanga del Sur sa Pilipinas. Mao kini ang ulohang dakbayan sa lalawigan ug ang ulohan sa rehiyon sa Peninsula sa Zamboanga. Sumala sa sensus sa tuig 2000, kini may populasyon nga 142,515 ka tawo sa 28,027 ka bubong.*

*Usa ka kanhing barrio sa Labangan sa daang lalawigan sa Zamboanga, ang Pagadian nahimong usa ka lungsod niadtong Marso 23, 1937 pinaagi sa E.O. 77 ni Pangulong Manuel L. Quezon. Si Hon. Jose Sanson ang pinaka-una nga Mayor sa Pagadian.*

*Makita sa amihan-sidlakang bahin ang rehiyon, ang Dakbayan sa Pagadian ang agianan pasulod sa Zamboanga del Sur. Nahimong agianan pud ang lungsod padulong sa Ozamiz, Iligan ug Cotabato. Ang pagadian adunay katibuk-an nga 331.6 sq. km. ug adunay 54 nga barangay.*





APRIL .indd Sec1:20 4/21/11 10:52:46 AM

# Mahalagang Mga Numero sa Telepono

EMERGENCY: 112, 1844777
CIVIL ID INFO: 1889988
FIRE BRIGADE: 100, 105
TRAFFIC VIOLATIONS: 198

AMBULANCE:
Central 24722000; Emergency 24765616; Adan 23940660, 23941455; Amiri 22422366; Dai'ya 22510854; Dasman 22419785; Fahaheel 23919089; Faiha'a 22553779; Farwaniya 24883000, 24725149; Jahra 24575448; Mubarak Al-Kabir 25311437; Nuwaisib 23950114; Sabah 24815000; Salmiya 25739011; Shuaiba 23261927

HOSPITALS:
Amiri Casualty 22450005; Al-Sabah 24812000, 24815000; Mubarak Al-Kabir 25312700 to 9; Farwaniya 24883000, 24888000; Adan 23940600; Ibn Sina 24840300; Al-Razi 24846000; Al-Jahra 24575300; Maternity 24848067; Allergy 24849252; Blood Bank 25336538; Burns Centre 24840300; Cancer Control Centre 24849100; Chest Deseases 24838990, 24849400; Drug Control 24837245; Infectious Diseases 24870351; Islamic Medicine Centre 24849000; Military 24729911; Opthalmology 24840300; Psychiatric Centre 24843900; Sulaibikhat Orthopedic 24874240

PRIVATE HOSPITALS:
Ahmadi 23985174; Mowasat 25711533; Dar Al Shifa 22423151; Salam 22533177, 25333254; British Medical Centre 23713100; Royal Hayat Hospital 25360000, 25360536

PRIVATE CLINICS:
International Clinic 25745111; Kuwait Clinic 25739277; Maidan 22450001

POLICE STATIONS:
Abu Halifa 23717656; Ahmadi 23980304; Bayan 25387762; Dasma 22531917; Fahaheel 23912959; Hawalli 22641116; Jabriya 25315855; Jleeb Shoyoukh 24311234; Kaifan 24832839; Qadsiya 22574386; Qurain 25423772; Sabah Al Salem 25517229; Salhiya 22427157; Salmiya 25726950; Sharq 22442466; Shuwaikh 24813726; Surra 25312220; Wafra 23810412;Waha 24557902

IMMIGRATION DEPARTMENT:
Farwaniya 24341770; Hawalli 25712637, 25712635; Jahra 24555600; Ahmadi 23986761;Mubarak Al-Kabir 25415071

EMBASSY:
Phil. Embassy- Jabriya, Kuwait 25329316, 25329317, 25329318; OWWA/POLO 25346507, 25346508

ISLAM PRESENTATION COMMITTEE (IPC):
Al-Mullah Saleh Kuwait 22444117; Salwa 25637900; Sharq 22418934, 22418917; Al-Rawda 22511301, 66944422; Salmiya 25733263, 66944422; Farwaniya-Kheitan 24735626, 99285459; Al-Manggaf 23723002, 99256165; Al-Jahra 24558830, 97509063; Aware Center 25335260, 25335280;
TIES Center 25231015, 25231016, 97798222

## ANONG MERON SA BUWAN NG

# ABRIL

### MGA PANGYAYARI

Abril 7, 1521 – lumapag si Ferdinand Magellan sa Sebu.
Abril 11, 1775 – ang huling pamamaslang sa mga bruha (babaeng mangkukulam) sa Aleman ay naganap.
Abril 19, 2005 – nagsimulang maging papa si Papa Benito XVI
Abril 22, 1970 – ang unang Earth Day ay ipinagdiwang
Abril 26, 1521 – nangyari ang Labanan sa Mactan, kung saan naglaban ang mga puwersa ng Espanya at ng Pilipinas.
Abril 27, 1521 – sa Labanan sa Mactan, ang manlalayag na si Ferdinando de Magallanes ay napatay ng mga Cebuano sa Cebu na pinamunuan ng kanilang pinuno na si Lapu-Lapu
Abril 28, 1611 – pagkatatag ng Pontipikal at Maharlikang Pamantasan ng Santo Tomas, ang pinakamalaking Katolikong Pamantasan sa Pilipinas at sa buong mundo.

### MGA KAPISTAHAN

Abril 5, pista ni San Vicente Ferere, Katolikong Santo, Anghel ng Huling Paghuhukom
Abril 7, World Health Day (Pandaigdigang Araw ng Kalusugan) - Ipinagdiriwang ng 191 miyembrong-bansa ng World Health Organization
Abril 7, pista ng Annunciation (Pagpapahayag kay Maria) ay ipinagdiriwang ng Kanlurang Simbahang Ortodokso.

### KAMATAYAN

Abril 2, 2005 namatay si Papa Juan Pablo II (Ipinanganak 1920, Karol Wojtyla)
Abril 4, 1968 namatay si Martin Luther King Jr.
Abril 7, 1719 namatay si Jean-Baptiste de la Salle, santong Pranses (ipinanganak 1651)
Abril 10, 1904 namatay si Isabel II, Reyna ng Espanya (Ipinanganak 1830)
Abril 15, 1948 namatay si Manuel Roxas, dating pangulo ng Pilipinas (Ipinanganak 1892)
Abril 21, 1997 namatay si Diosdado Macapagal, Ika-5 Pangulo ng Ikatlong Republika ng Pilipinas (Ipinanganak 1910)
Abril 26, 1972 namatay si Fernando Amorsolo, pambansang alagad ng sining ng Pilipinas sa larangan ng sining biswal (Ipinanganak 1892)
Abril 29, 2004 namatay si Nick Joaquin, pambansang alagad ng sining ng Pilipinas sa larangan ng panitikan (Ipinanganak 1917)

Ang Labanan sa Mactan ay naganap sa Pilipinas noong Abril 27, 1521. Natalo ng hukbo ni Lapu-Lapu, datu ng Pulo ng Mactan ang mga Espanyol na sundalo sa pamumuno ng Portuges na kapitan at eksplorer na si Fernando de Magallanes. Napatay ng mga tribung sundalo si MagallAnes, na nagkaroon ng alitang pulitikal at pagkakaribal kasama si Lapu-Lapu.

APRIL .indd Sec1:21 4/21/11 10:52:48 AM




# الإدارة العامـــــــة للهجـــــرة

## General Department of Immigration

بالتعاون مع لجنة التعريف بالإسلام

الإدارة العامــــة للهجــــرة

وزارة الداخلية

## ضوابط مغادرة الأجانب المخالفين لقانون الإقامة

## Mga Regulasyon sa Pag-alis ng mga Dayuhan na may Paglabag sa Residency Permit o Iqamah

## Tagalog

Artikulo 1. Ang Ameri Amnesty ay nagbibigay daan sa mga expatriates na may paglabag tungkol sa mga regulasyon ng kanilang paninirahan, na malayang makaalis ng bansa na nagsimula noong Marso 1 hanggang sa kataposan ng Hunyo 2011, na hindi na mapaparusahan o magmumulta alinsunod sa Ameri Decree 17 / 59. Ang proseso ng mga papeles ay isasagawa sa mga tanggapan ng imigrasyon na hindi na kailangang pang kumuha ng mga pahintulot mula sa sinuman, ngunit tiyakin lamang na walang nakabinbin na kasong krimin laban sa kanila.

Artikulo 2. Sino mang nagnanais na magkaroon ng panibagong residency permit o iqama at handang bayaran ang kinaukulang multa ay hindi na iimbestigahan kapag naayos nila ang kanilang obligasyon.

Artikulo 3. Sino man ang madakip ng awtoridad pagkatapos ng nakatakdang mga araw na nakasaad sa ilalim ng Artikulo 1 dahil sa kawalan ng residency permit o iqamah ay ipapadeport agad.

Artikulo 4. Sino mang expatriates na makakaalis ng bansa ayon sa resolution na nabanggit ay pahihintulutan muling bumalik sa Kuwait ayon sa mga mga pamamaraang itidakda.

Artikulo 5. Sinoman ang walang iqama at hindi umalis ng bansa sa loob ng nakatakdang mga araw na nakasaad sa ilalim ng Artikulo 1 ay bibigyan ng karampatang parusa ayon sa itinakda ng batas. Hindi na sila papahintulutan pang makakakuha muli ng residence permit, at ipapadeport at hindi na papahintulutang makabalik muli sa Kuwait.

المركز الكويتي الفليبيني الثقافي

Kuwait Philippine Cultural Center

UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف

APRIL .indd Sec1:22 4/21/11 10:52:49 AM